# ARTS WEEK 3

**Modyul sa Arts 1**
**MAPEH ELEMENTARY**
**Unang Markahan**


**Pangalan:** ________________________________________

## *Alamin*

Ang sining ay pinakamataas na antas ng pakikipag-ugnayan sa mundong ating ginagalawan. Lahat ng ito ay maaaring maunawaan sa pamamagitan ng pagmamasid at pag-aaral ng bawat galaw na dapat damhin ng mga bagay na tumutukoy sa atin, at upang magawa ang likhang nakatutulong sa ikagaganda at ikauunlad ng kulturang kinapapalooban ng mga tradisyon, kaugalian, at paniniwala. Ang gawa ng isang batang hahawak pa lamang ng lapis ay tunay na sining sa kadahilanang buong-buo ang kanyang isip at damdamin.

Ang modyul na ito ay naglalayong matulungan ang mga mag-aaral upang maunawaang mabuti ang konsepto ng sining na makikita sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng iba't ibang elemento nito gaya ng kulay, hugis, linya, tekstura at iba pa. Kaakibat nito ay ang pagtukoy sa mga manlilikha o artist.



LIVEWORKSHEETS




# *Subukin*

**A. Panuto:** Ibigay ang hinihingi ng bawat bilang.


1. Piliin ang larawang nagpapakita ng hugis puso.

2. Piliin ang pula ang larawang nagpapakitang hugis parisukat.

3. Piliin ang larawang nagpapakita ngtuwid na linya.

4. Piliin ang larawang nagpapakita ngteksturang magaspang.


 

5. Piliin ang larawang nagpapakita ng teksturang makinis.

LIVEWORKSHEETS


**B. Panuto:** Tingnan ang mga larawang makikita sa ibaba. Piliin ang ✓ kung ito ay nagpapakita ng mga kagamitan sa pagguhit at ✕ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

LIVEWORKSHEETS

| Aralin 1 | Sining sa Kapaligiran |
| --- | --- |

MELC: Explain that art is all around and is created by different people.
(AIEL-Ia)

## Balikan

Ano ang sining? Gamit ang sining, maaaring ipahayag ng isang tao ang kaniyang mga ideya at sa malikhaing paraan. Sa katunayan, maraming uri ng sining ang makikita natin sa ating paligid at ito ay nililikha ng iba't ibang tao o tinatawag na artist. Tulad ng pintor, florist, iskultor, mananahi, at iba pa. Matanda man o bata ay maaaring gumawa ng sining. Ang iyong tatay, nanay, kapatid, guro, at kaibigan ay maaaring maging isang artist gaya ng mga halimbawang larawan sa ibaba.









LIVEWORKSHEETS

# *Tuklasin*

Ang sining ay makikita natin ***sa*** ating kapaligiran. Makikita ang mga larawan***g*** halimbawa ng sining. Ma***a***aring nakita at napuntahan mo na ang mga lugar na ito habang ikaw ay namamasyal kasama ng iyong pamilya. Ito ay patunay na nakikita at nadarama ang taglay na husay ng ating manlilikha o artist.



Ito ay isang monumento na matatagpuan sa Caloocan upang gunitain ang alaala ng rebolusyonaryong Pilipino na si Andres Bonifacio, ang tagapagtatag at Supremo ng Katipunan.

Ang monumento ni Bonifacio at Manila Cathedral na binubuo ng magagara at makukulay na bintana ay mayroong kasaysayang nagpapakita ng makulay nating nakaraan. Dito, makikita natin na ang sining ay may kahulugan.

LIVEWORKSHEETS



Ito ay lumang simbahan na nagpapakita ng kasaysayan ng Kristiyanismo. Ang bintana nito ay binubuo ng magagara at makukulay na stained glass. Ang Manila Cathedral ang siyang sentro ng pananampalatayang katoliko.

**Ang Sining ay Nalilikha ng Iba't ibang Tao**

Kahit sino ay maaaring lumikha ng sining. Babae o lalaki, matanda o bata, ay maaaring makalikha ng sining. Gamit ang malikhaing isipan, puso at damdamin ay mapauunlad ang kanilang taglay na kakayahan at malinang ang pansariling kasanayan mula sa tahanan, paaralan, maging sa kumunidad at sa bayan.  Ang mga larawan sa ibaba ay halimbawa ng produkto ng sining.



**Ang obra ni Fernando Amorsolo**



**Lumang bahay sa Vigan**

LIVEWORKSHEETS



**Mananahi**



**Pintor**

# *Suriin*

**Panuto:** Suriin ang mga larawan sa ibaba. Ito ay nagpapakita ng iba't ibang uri ng artist o manlilikha ng sining. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa ibaba ng bawat larawan kung anong artist.

| | |
|---|---|
| **Florist** | **Pintor** |
| **Iskultor** | **Mananahi** |




**1** ______



**2** ______



**3** ______



**4** ______

LIVEWORKSHEETS


# Pagyamanin


**Panuto:** Ilagay sa loob ng kahon ang mga bagay na ginagamit mo sa pagguhit.



















LIVEWORKSHEETS

## Isaisip

- ✓ Ang sining ay nililikha ng iba't ibang tao.
- ✓ Iba't ibang uri ang artist. May pintor, iskultor, mananahi, at florist.
- ✓ Ang sining ay maaaring likhain nino man.
- ✓ Ang sining ay matatagpuan natin sa ating kapaligiran.
- ✓ Sa pamamagitan ng pagguhit, nakapagpapahayag ng damdamin o ideya ang isang artist.
- ✓ Tayo ay makabubuo ng mga bagay gamit ang karaniwang halaman at patpat.
- ✓ Ang mga naglalakihang gusali at iba pang istruktura ay mga produkto ng sining.
- ✓ Maraming bagay ang mabubuo gamit ang hugis.
- ✓ Malaki ang naitutulong ng iba't ibang linya sa paglikha ng obra.

## Isagawa

**Panuto**: Tingnan ang bawat larawan. Tukuyin ang mga taong nagpapakita ng iba't ibang uri ng sining.

1. 

| | | |
|---|---|---|
| Florist | Pintor | Photographer |
| Iskultor | Mananahi | |

2. 

| | | |
|---|---|---|
| Florist | Pintor | Photographer |
| Iskultor | Mananahi | |

LIVEWORKSHEETS